PAGDARASAL
(SALAA)



GABAY PARA SA MGA BAGONG MUSLIM

PAGDARASAL (SALAA)

Gabay Para sa mga Bagong Muslim

Muharram 1441 / Setyembre 2019

Pinananatili ang Lahat ng Karapatan

Isinulat at Inilathala ng

مركز الـــــتعريف بالإسلام
Islamic Information Center
Sultan Qaboos Grand Mosque, Muscat
Sultanate of Oman
Telefax. (968) 2450 5170
www.iicoman.om



Mga Nilalaman

Pambungad 1

Kabanata 1. Ang Panimula 2

Kabanata 2. Ang Kadalisayan (Tahara) 4

- Pisikal na Marumi
- Ritwal na Marumi

Kabanata 3. Ang Pagpapakadalisay (Wudhuu) 8

- Wudhuu
- Tayammum
- Ang mga Gawain na Nagpapawalang-bisa ng Wudhuu

Kabanata 4. Ang Pagdarasal (Salaa) 16

- Ang mga Uri ng Salaa
- Ang mga Oras ng Salaa
- Paano Isagawa ang Salaa
- Ang mga Gawain na Nagpapawalang-bisa ng Salaa

Kabanata 5. Ang Sama-samang (o ang Kongregasyong) Salaa 21

Kabanata 6. Ang mga Alituntunin na may Kinalaman sa Kababaihan 25

Kabanata 7. Ang Pagkakaiba ng Interpritasyon sa Pagdarasal Ayon sa Hukom ng Batas-Islamiko sa Pagitan ng mga Islamikomg Paaralan 27

Kabanata 8. Ang mga Karagdagang Usapin at mga Panuntunan 29

Kabatana 9. Ang Magkakasunod na Hakbang sa Salaa 35

Kabanata 10. Mga Talasalitaan 46

Ang Pambungad

Ang Pagdarasal (*Salaa*) ay kumakatawan sa pinakamahalagang tungkulin sa Islamikong pagsamba. Sinabi ni Propeta Muhammad – sumakanya nawa ang kapayapaan: "Ang lahat ng bagay ay may haligi, at ang haligi ng relihiyon ay *Salaa*."[1] At siya ay muling nagsabi: "Ang unang bagay na huhukuman sa atin sa Araw ng Paghuhukom ay tungkol sa *Salaa*."[2]

Ang araw-araw nating pagdarasal ang kumakatawan sa pagpapahalaga natin sa pagkilala natin sa ating Panginoon sa ating pamumuhay. Ito ang nangangalaga sa atin laban sa anumang kasamaan, at ito ay mababasa sa Mapagpalang Qur'an:

وَأَقِمِ ٱلصَّلَوٰةَۖ إِنَّ ٱلصَّلَوٰةَ تَنۡهَىٰ عَنِ ٱلۡفَحۡشَآءِ وَٱلۡمُنكَرِ

***Mag-alay ng palagiang** Salaa**, katotohanan, ang** Salaa **ay pumipigil sa imoralidad at masasamang gawain.** (Qur'an 29:45)*

Ang patuloy nating paniniwala sa Diyos ay nakatutulong din upang ipaalala sa atin ang ating mga tungkulin sa Kanya, at sa ating kapwa sa pangkalahatan. Kaya naman ang kahalagahan ng *Salaa* ay hindi natin maipagwawalang-bahala lamang. Kaya naman ang *Salaa* ay siyang una at pinakamahalagang aral na kailangang matutunan ng isang bagong Muslim. Ang aklat na ito ay isinulat upang makapaghandog ng pangunahing aral at elementong may kaugnayan sa *Salaa*, para sa mga kalalakihan at kababaihan, na kailangan sa pag-aalay ng isa sa pinakamahalagang haligi ng Islam. Kaya naman ang mga bagong Muslim ay hinihikayat (at ito ay kailangan) na maghanap ng kaalaman tungkol sa pagdarasal at iba pang anyo ng pagsamba na nakapaloob sa pananampalatayang Islam.

Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga alituntunin tungkol sa pagdarasal, ang limang obligadong pagdarasal, ang pagdarasal sa araw ng Biyernes at ng lahat ng uri ng mga karagdagang pagdarasal na tinatawag sa wikang Arabik na *Sunnah* – kapag pang-isahan, at *Sunan* naman kapag pangmaramihan. Subali't may pagdarasal na hindi nabanggit sa aklat na ito katulad ng pagdarasal ng Tarawih sa buwan ng Ramadhan, ang pagdarasal kapag mayroong patay, ang pagdarasal tuwing sasapit ang Eid, at iba pa. Ang karagdagang detalye ng mga pagdarasal na nabanggit ay mababasa sa ibang mga aklat na tumatalakay din sa pagdarasal.

[1] Ang sinabing ito ng Propeta – sumakanya nawa ang kapayapaan ay naiulat ni *Ar-Rabi'i*.
[2] Ang sinabing ito ng Propeta – sumakanya nawa ang kapayapaan ay naiulat ni *At-Tirmidhi*.

Kabanata 1 – Ang Panimula

1. Ang *Salaa* (Pagdarasal) ang pangalawang haligi ng Islam na ipinag-utos ng Allah (swt)[3] at nabanggit sa napakaraming mga talata sa Qur'an. Isang halimbawa ay nang sabihin ng Allah (swt) sa Qur'an:

فَأَقِيمُواْ ٱلصَّلَوٰةَۚ إِنَّ ٱلصَّلَوٰةَ كَانَتۡ عَلَى ٱلۡمُؤۡمِنِينَ كِتَٰبٗا مَّوۡقُوتٗا

Mag-alay ng Salaa, katunayan, ang Salaa, ay ipinag-utos sa mananampalataya sa mga itinakdang oras. ***(Qur'an 4:103)***

Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan)[4]:

Ang pagkakakilanlan ng isang mananampalataya sa pagitan ng hindi mananampalataya ay Salaa; sinuman na iniwan niya ito ay nawalan ng paniniwala.

(Naiulat nina Ar-Rabi'I, At-Tirmidhy , Ahmed, Muslim, Ibn Majah at iba pa)

2. Ang *Salaa* ay ipinag-utos sa bawat Muslim na nasa estado ng matinong pag-iisip. Sinabi ng Propeta – sumakanya nawa ang kapayapaan: Walang pananagutan ang isang bata, hanggang hindi siya umaabot sa tamang edad, at maging ang isang taong wala sa estado ng tamang pag-iisip maliban na lamang kung ang taong ito ay gumaling at nagbalik sa katinuan ng kanyang isipan.[5]

3. Ang isang Muslim ay pinag-utusang mag-alay ng limang obligadong pagdarasal (*Salaa*) sa bawat araw sa mga itinakdang oras (tingnan ang Kabanata 4 para sa mga itinakdang oras ng pagdarasal).

4. Upang makapag-alay ng anumang uri ng pagdarasal, kailangang siya ay nasa estado ng ritwal na kalinisan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagpapakadalisay (ang estado ng kalinisang nabanggit ay tinatawag na *Tahara* na makikita sa Kabanata 2).

5. Kapag nasa estado ng *Tahara*, kailangan mong isagawa ang pagpapakadalisay upang makapag-alay ng anumang pagdarasal, (Wudhuu, tingnan ang Kabanata 3).

[3] Kapag binabanggit natin ang Pangalan ng Allah ay sinasabi natin ang *Subhanahu wa Ta'ala'* (swt) na nangangahulugan ng 'Siya ang Kataas-taasan, ang Maluwalhati'.

[4] Kapag binabanggit natin ang pangalan ni Propeta Muhammad ay sinasabi natin ang 'sumakanya nawa ang kapayapaan'.

[5] Ito ay naiulat nina Ahmed, Abu Dawud, Ibn Majah at iba pa.

6. Sa Islam, ang lahat ng gawain ay hinahatulan ayon sa kanyang layunin, (*Niyaah*). Kaya naman, bago isagawa ng sinuman ang anumang gawaing katulad halimbawa ng *Tahara, Wudhuu* at *Salaa,* kailangan niyang magkaroon ng malinis na layunin sa kanyang puso at magkaroon ng determinasyon sa anumang pagsambang gagawin bilang pagsunod sa Allah (swt).

7. Ang *Salaa* ay nararapat isagawa sa wikang Arabik lamang, dahil nakapaloob dito ang pagbabasa ng Qur'an na nakasulat sa wikang Arabik, at ang pag-aalay ng *Salaa* sa pamamagitan ng wikang Arabik, at ang mga nilalaman nito ay malugod na nagpapamalas ng Kabanalan ayon sa pagkakapahayag sa Propeta – sumakanya nawa ang kapayapaan.

وَجَٰهِدُواْ فِي ٱللَّهِ حَقَّ جِهَادِهِۦۚ هُوَ ٱجۡتَبَىٰكُمۡ وَمَا جَعَلَ عَلَيۡكُمۡ فِي ٱلدِّينِ مِنۡ حَرَجٖۚ مِّلَّةَ أَبِيكُمۡ إِبۡرَٰهِيمَۚ هُوَ سَمَّىٰكُمُ ٱلۡمُسۡلِمِينَ مِن قَبۡلُ وَفِي هَٰذَا لِيَكُونَ ٱلرَّسُولُ شَهِيدًا عَلَيۡكُمۡ وَتَكُونُواْ شُهَدَآءَ عَلَى ٱلنَّاسِۚ فَأَقِيمُواْ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُواْ ٱلزَّكَوٰةَ وَٱعۡتَصِمُواْ بِٱللَّهِ هُوَ مَوۡلَىٰكُمۡۖ فَنِعۡمَ ٱلۡمَوۡلَىٰ وَنِعۡمَ ٱلنَّصِيرُ

At magsumikap tungo sa landas ng Allah ayon sa ipinag-utos sa iyo (na may kalakip na katapatan at desiplina). Pinili ka Niya at hindi ka binigyan ng anumang bagay na magpapahirap sa iyong relihiyon. Siya ang Allah na nagbigay sa iyo ng pangalang Muslim, katulad ng nauna sa iyo at sa Kapahayagang ito, ang Sugo ang iyong magiging saksi, at ikaw ang magiging saksi para sa buong sangkatauhan. Kaya mag-alay ng palagiang pagdarasal at magbigay ng kawanggawa, at manatili sa landas ng Allah. Siya ang iyong Tagapangalaga, ang Pinakamainam na tagapangalaga at ang Pinakamainam tumulong. (Qur'an 22:78)

Kabanata 2 – Tahara (Ang Kadalisayan)

Bago mag-alay ng anumang uri ng *Salaa,* kailangan ng bawat Muslim na linisin ang kanyang sarili mula sa mga itinakdang pisikal at ritwal na kadalisayan, *(Najasa at Hadath al-Akbar sa wikang Arabik).*

Sinabi ng Allah – (swt):

إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلتَّوَّٰبِينَ وَيُحِبُّ ٱلْمُتَطَهِّرِينَ

Minamahal ng Allah ang sinumang palaging nanunumbalik sa Kanya, at minamahal Niya ang sinumang pinananatiling malinis ang sarili. (Qur'an 2:222)

Sinabi ni Propeta Muhammad – sumakanya nawa ang kapayapaan:

Ang susi ng Salaa ay kadalisayan.

(Naiulat nina at-Tirmidhy, Abu Dawud, Ibn Majah)

1. Pisikal na Marumi *(Najasa)*

Ang mga ganitong bagay ay kailangang tanggalin o alisin sa anumang bahagi ng katawan, kasuotan at mga lugar na pagdarausan ng dasal bago isagawa ang anumang uri ng *Salaa.*

a. Ihi – ito man ay nagmula o galing sa tao at sa hayop.
b. Dumi – mula sa mga tao at mga hayop, maliban kung ito ay nagmula sa mga ibon na pinahihintulutan sa Islam na maaaring kainin ng mga tao.
c. Dugo – ang lahat ng uri ng dugo, maliban sa dugo na tumagas habang nagkakatay ng hayop at isda.
d. Suka.
e. Pagkain o likido na nagmula sa sikmura ng isang tao na lumabas mula sa kanyang bibig.
f. Punlay – isang anyo ng likido na lumabas mula sa maselang bahagi ng katawan ng tao dulot ng pakikipagtalik o isang panaginip.
g. Isang anyo ng malinaw na likido na lumabas mula sa maselang bahagi ng katawan ng tao dulot ng pagnanasang sekswal (ito ay tinatawag na *Madhee* sa wikang Arabik).

h. Isang anyo ng malinaw at maputing likido na lumabas mula sa maselang bahagi ng katawan ng tao pagkatapos umihi (ito ay tinatawag na *Wadee* sa wikang Arabik).

Paglilinis ng maruruming bagay (*Najasa*):

Ang lahat ng maruming bagay na maaaring matagpuan sa katawan o sa kasuotan o kaya ay nasa isang lugar ay pwedeng linisin sa pamamagitan ng tubig. Samantalang kapag ang maruming bagay ay nagmula sa dumi, ihi o laway ng aso, ito ay kailangang linisin sa pamamagitan ng tubig ng pitong beses, kung saan ang isang bahagi ng paglilinis nito ay nararapat gawin sa pamamagitan ng malinis na alabok. Subali't kapag nagawa na ang naturang paraan ng paglilinis at mayroon pang amoy na natira, ito ay maaaring hayaan na lamang.

2. Ritwal na Marumi, (*Hadath al-Akbar*)

Ang isang tao ay nagiging marumi kapag ang tatlong mga sumusunod na bagay ay nangyari sa kanya:

a. Estado ng '*Janaba*': Pagkatapos makipagtalik o pagkaraang labasan ng punlay, siya man ay gising o kaya ay nananaginip.
b. Estado ng '*Heidh*': Habang ang isang babae ay nasa estado ng kanyang buwanang-dalaw.
c. Estado ng '*Nifaas*': Habang ang isang babae ay nasa estado ng pagdurugo sanhi ng kanyang panganganak na kalimitang umaabot ng 40 araw.

Paglilinis Mula sa Ritwal na Marumi, (*Hadath al-Akbar*)

Ang paraan ng paglilinis mula sa mga ritwal na marumi ay matatamo sa pamamagitan ng ritwal na paliligo (*Ghusul* sa wikang Arabik). Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng kumpletong paliligo ng buong katawan ayon sa mga sumusunod na hakbang:

a. Kailangang magkaroon ng layunin sa iyong puso bago isagawa ang ritwal na paliligo.
b. Kailangan umihi (kung may pagkakataon; ito ay inirerekomenda at ang layunin nito ay upang linisin ang punlay sa lagusan ng ihi).
c. Hugasan ang maselang bahagi ng katawan mula sa pusod hanggang sa ibaba ng mga tuhod at ang anumang bahagi ng katawan na maaaring nalagyan o nadikitan ng pisikal na marumi.
d. Bigkasin ang '*Bismillah*' (na ang kahulugan ay 'Sa Ngalan ng Allah').

e. Isagawa ang *Wudhuu* ayon sa paraan na ginagawa para sa pagdarasal (tingnan ang Kabanata 3).

f. Basaing mabuti ang buong katawan sa pamamagitan ng tubig, simulan sa itaas na bahagi ng katawan at pababa, at simulan sa kanang bahagi bago ang kaliwang bahagi.

Mahahalagang Bahagi ng Tahara

a. Sinuman ang hindi ligtas sa maruruming bagay (i.e. hindi Tahir) ay hindi pinahihintulutang magsagawa ng mga sumusunod na gawain:
   1. Ang Pagdarasal
   2. Ang Pag-aayuno
   3. Ang paghawak sa Qur'an at ang pagbabasa nito
   4. Ang pagpasok sa mosque

b. Ang isang taong nagbalik-Islam ay nararapat magsagawa ng ritwal na paliligo pagkaraan niyang pumasok sa Islam.

c. Kapag nalaman ng isang tao na narumihan ang kanyang sarili, subali't hindi niya alam kung saang bahagi ng kanyang katawan, kailangan niyang magsagawa ng ritwal na paliligo upang linisin ang kanyang buong katawan.



يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓاْ إِذَا قُمۡتُمۡ إِلَى ٱلصَّلَوٰةِ فَٱغۡسِلُواْ وُجُوهَكُمۡ وَأَيۡدِيَكُمۡ إِلَى ٱلۡمَرَافِقِ وَٱمۡسَحُواْ بِرُءُوسِكُمۡ وَأَرۡجُلَكُمۡ إِلَى ٱلۡكَعۡبَيۡنِۚ وَإِن كُنتُمۡ جُنُبٗا فَٱطَّهَّرُواْۚ وَإِن كُنتُم مَّرۡضَىٰٓ أَوۡ عَلَىٰ سَفَرٍ أَوۡ جَآءَ أَحَدٞ مِّنكُم مِّنَ ٱلۡغَآئِطِ أَوۡ لَـٰمَسۡتُمُ ٱلنِّسَآءَ فَلَمۡ تَجِدُواْ مَآءٗ فَتَيَمَّمُواْ صَعِيدٗا طَيِّبٗا فَٱمۡسَحُواْ بِوُجُوهِكُمۡ وَأَيۡدِيكُم مِّنۡهُۚ مَا يُرِيدُ ٱللَّهُ لِيَجۡعَلَ عَلَيۡكُم مِّنۡ حَرَجٖ وَلَـٰكِن يُرِيدُ لِيُطَهِّرَكُمۡ وَلِيُتِمَّ نِعۡمَتَهُۥ عَلَيۡكُمۡ لَعَلَّكُمۡ تَشۡكُرُونَ

O kayong Mananampalataya! Kung kayo ay naghahanda para sa pagdarasal, hugasan ang inyong mukha, mga braso hanggang sa siko, haplusin ang inyong ulo at hugasan ang inyong mga paa hanggang sa bukung-bukong. Kung kayo ay nasa kalagayan ng ritwal na marumi, hugasan ninyo ang inyong buong katawan. Nguni't kung kayo ay may karamdaman, o kaya ay nasa oras ng paglalakbay, o sinuman ang tumugon sa tawag ng kalikasan, o nakipagtalik sa kababaihan at wala kayong matagpuang tubig, magkagayon, linisin ninyo ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng malinis na alabok at ihaplos sa inyong mukha at mga kamay. Hindi nais ng Allah na kayo ay makaranas ng kahirapan nguni't nais lamang Niya na kayo ay maging malinis, at gawin Niyang lubos ang pagpapala sa inyo upang kayo ay matutong magpasalamat. (Qur'an 5:6)

عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «الصلوات الخمس، والجمعة إلى الجمعة، كفارة لما بينهن، ما لم تغشَ الكبائر»

Iniulat ni Abu Hurairah (Kahabagan nawa siya ng Allah):

Ang Propeta ng Allah ay nagsabi: "Ang limang itinakdang *Salaa* (pagdarasal) at ang pagdarasal sa araw ng Biyernes hanggang sa susunod na pagdarasal sa isa pang araw ng Biyernes ay nagpapawalang-sala ng maliliit na kasalanang nagawa, habang ang malalaking kasalanan ay iniiwasan.

(Naiulat ni Muslim)

Kabanata 3 – Wudhuu (Ang Pagpapakadalisay)

Kapag ang isang tao ay ligtas sa anumang ritwal na marumi (*Tahir*), kailangan niyang magsagawa ng *Wudhuu* (Ang Pagpapakadalisay) upang makapag-alay ng pagdarasal. Ang kabanatang ito ay naglalaman ng tatlong bahagi; (1) *Wudhuu*, (2) *Tayammum* (Ang pagpapakadalisay ng walang tubig), at (3) mga gawain na nagpapawalang-bisa ng *Wudhuu*.

1. Wudhu

Ang *Wudhu* (Ang Pagpapakadalisay) ay isinasagawa ng isang Muslim bilang isang pisikal at espiritwal na paghahanda bago humarap sa Allah sa kanyang isasagawang pagdarasal. Kabilang dito ang paglilinis ng ilang bahagi ng katawan at pagsunod sa mga itinakdang kautusan ng Allah (swt) at ng Kanyang Sugo (sumakanya nawa ang kapayapaan). Sinabi ng Allah sa Qur'an;

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓاْ إِذَا قُمۡتُمۡ إِلَى ٱلصَّلَوٰةِ فَٱغۡسِلُواْ وُجُوهَكُمۡ وَأَيۡدِيَكُمۡ إِلَى ٱلۡمَرَافِقِ وَٱمۡسَحُواْ بِرُءُوسِكُمۡ وَأَرۡجُلَكُمۡ إِلَى ٱلۡكَعۡبَيۡنِۚ

O kayong Mananampalataya! Kung kayo ay naghahanda para sa pagdarasal, hugasan ang inyong mukha, mga braso hanggang sa siko, haplusin ang inyong ulo at hugasan ang inyong mga paa hanggang sa bukung-bukong. (Qur'an 5:6)

Ang Sugo (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi;

Ang pagdarasal ng isang tao na hindi nagsagawa ng pagpapakadalisay ay hindi katanggap-tanggap.

(Naiulat nina Ibn Majah, Abu Dawud at iba pa)

Paano isagawa ang Wudhuu (Ang Pagpapakadalisay)

Simulan sa pagkakaroon ng layunin sa iyong puso upang tanggalin ang estado ng karumihan mula sa iyong katawan sa pamamagitan ng pagpapakadalisay. At sabihin;

بِسْمِ الله

(***Bismillah***, na nangangahulugan ng **'Sa Ngalan ng Allah'**)

At pagkatapos ay sundin ang sumusunod na 8 hakbang na inilarawan sa magkakasunod na dalawang pahina.



1

Hugasan ang magkabilang kamay hanggang sa may pulso nang tatlong beses, kabilang ang pagitan ng mga daliri.



2

Gamit ang iyong kanang kamay, punuin ng tubig at imumog na mabuti sa kaloob-looban ng iyong bibig. Gawin ito ang tatlong beses.



3

Sa muli, gamitin ang iyong kanang kamay, suminghot ng tubig papasok sa iyong ilong hanggang maging malinis ang loob nito, linisin sa pamamagitan ng kaliwang kamay ang anumang maruming bagay na lalabas mula rito. Gawin ito ng tatlong beses.



4

Gamit ang dalawang kamay, hugasan ang iyong mukha ng tatlong beses, haplusin ang iyong noo hanggang sa iyong baba, at ibukang mabuti ang iyong mga palad upang haplusin ang buong bahagi ng iyong mukha hanggang umabot sa bahagi ng iyong taenga.



5

Hugasan ang iyong mga braso hanggang umabot sa iyong mga siko nang tatlong beses, at tiyaking nakasama ang pagitan ng iyong mga daliri. Simulan ito sa kanang kamay at pagkatapos ay sundan ng kaliwang kamay.



6

Haplusin ng basang kamay ang ulo ng isang beses mula sa harap hanggang sa likod.



7

Haplusin ng basang daliri ang loob ng taenga, at isabay sa paghaplos ng hinlalaki ang likod ng iyong taenga. Gawin ito ng isang beses lamang.



8

Hugasan ang bawat paa, hanggang umabot sa bukung-bukong nang tatlong beses, siguraduhing nahuhugasan ang bawat pagitan ng mga daliri sa paa, at maging ang bahagi ng talampakan nito. Simulan sa kanang paa at isunod ang kaliwang paa.

Ang walong hakbang na ito ay naglalarawan na natapos mo ang tamang paraan ng pagpapakadalisay. At sa ganitong kalagayan ay kailangan mong bigkasin ang mga sumusunod na panalangin:

أَشهَدُ أَنْ لَا إِلَه إِلَّا الله وَأَشهَدُ أَنَّ مُحَمَدًا رَسُولُ الله

اللَّهُم اجْعَلنِي مِنَ التَّوَابِين وَاجْعَلنِي مِن المُتَطَهِّرِيْن

Ash'hadu an laa ilaha illa Llah wa ash'hadu anna Muhammadan rasuulu Llah. Allahumma j'alni mina ttawwabin wa j'alni mina lmutatahhirin.

Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhamma ay Sugo ng Allah. O Allah ibilang Mo kami sa palagiang nagsisisi at sa mga nagpapakadalisay ng kanilang mga sarili.

Mahahalagang punto ng Pagpapakadalisay

a. Tiyaking ang tubig ay nakaabot sa lahat ng bahagi ng katawan na kailangang mabasa. Gayun pa man, huwag mag-aksaya o gumamit ng sobra-sobrang tubig, o kaya ay basain ng hihigit sa tatlong beses ang bahagi ng katawan na nararapat basain.

b. Ang pagpapakadalisay ay hindi katanggap-tanggap kung may mga sangkap ng kosmetik na nakaharang sa balat ng katawan o sa mga kuko.

c. Kapag patuloy ang pagdurugo mula sa anumang sugat o kaya ay nagmumula sa loob ng ilong, kailangan niyang takpan ang naturang bahagi upang pahintuin ang pagdaloy ng dugo bago magpatuloy sa pagpapakadalisay at pagdarasal. Ang panuntunang ito ay ipinatutupad din sa kababaihang patuloy na nakakaranas ng pagdurugo dulot ng hindi niya pagkakaroon ng normal na sistema ng buwanang-dalaw.

d. Ang pagpapakadalisay ay maaari lamang isagawa sa pamamagitan ng paggamit ng malinis na tubig mula sa mga dumadaloy na tubig galing sa mga kinauukulang ahensya ng gobyerno, tubig mula sa ulan, tubig mula sa mga ilog, tubig mula sa mga balon, tubig mula sa dagat, at tubig mula sa mga ulan na may yelo. Ang tubig na nahaluan ng purong elemento katulad ng sabon, sapron, mga bulaklak at iba pa, ay maaaring gamitin sa pagpapakadalisay.

e. Ang maruming tubig ay hindi maaaring gamitin sa pagpapakadalisay katulad ng tubig na nahaluan ng ibang elemento na naging dahilan upang magbago ang kanyang amoy, lasa at kulay.

2. Tayammum (Ang pagpapakadalisay ng walang tubig)

Ang *Tayammum* ay paraan ng pagpapakadalisay mula sa anumang maruruming bagay sa pamamagitan ng paggamit ng malinis na alabok (buhangin o lupa). Ang *Tayammum* ay pinahihintulutan ayon sa mga sumusunod na kalagaya*n*:

a. Kapag walang makitang tubig. Sinabi ng Allah sa Qur'an;

وَإِن كُنتُم مَّرۡضَىٰٓ أَوۡ عَلَىٰ سَفَرٍ أَوۡ جَآءَ أَحَدٞ مِّنكُم مِّنَ ٱلۡغَآئِطِ أَوۡ لَٰمَسۡتُمُ ٱلنِّسَآءَ فَلَمۡ تَجِدُواْ مَآءٗ فَتَيَمَّمُواْ صَعِيدٗا طَيِّبٗا فَٱمۡسَحُواْ بِوُجُوهِكُمۡ وَأَيۡدِيكُمۡۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَفُوّٗا غَفُورٗا

At kung kayo ay may karamdaman, o naglalakbay, o kayo ay tumugon sa tawag ng kalikasan, o kayo ay nakipagtalik sa kababaihan at wala kayong makitang tubig, gumamit ng malinis na lupa at ihaplos ito sa inyong mukha at mga kamay. Katotohanan, ang Allah, ang Mapagpaumanhin, ang Mapagpatawad. (Qur'an 4:43)

b. Kapag hindi kayang gumamit ng tubig dahil sa matinding lamig na nararanasan, o kaya ay dulot ng malalang karamdaman, o kaya ay matagal na paggaling sa sakit, at iba pa.

c. Kapag ang tubig ay sapat lamang na inumin.



Sa pagsasagawa ng *Tayammum*, simulan sa pamamagitan ng layunin, at pagkatapos ay bigkasin ang *'Bismillah'*, at sundan ng mga sumusunod na hakbang:

Habang 1: Itapik ang inyong mga palad sa bahagi ng malinis na lupa, pagkatapos ay bahagyang hipan ito, at ihaplos ng isang beses sa inyong mukha katulad ng ginagawa sa pagpapakadalisa**y**.



Hakbang 2: Itapik na muli ang inyong mga palad sa bahagi ng malinis na lupa, pagkatapos ay bahagyang hipan ito, at ihaplos ang kaliwang palad sa ibabaw ng kanang kamay mula sa dulo ng mga daliri hanggang sa may bahagi ng pulso. Pagkatapos ay gamitin ang kanang kamay upang ihaplos sa ibabaw ng kaliwang kamay mula sa dulo ng mga daliri hanggang sa may bahagi ng pulso.



Ang Hadith kaugnay ng Wudhuu

عَنِ ابْنِ عُمَرَ، عَنِ النَّبِيِّ صلى الله عليه وسلم أَنَّهُ قَالَ:مَنْ تَوَضَّأَ عَلَى طُهْرٍ كَتَبَ اللَّهُ لَهُ بِهِ عَشْرَ حَسَنَاتٍ

Ayon sa isang salaysay na iniulat ni Ibn Umar, ang Propeta ay nagsabi: "Sinuman ang magsagawa ng Wudhuu habang siya ay nasa estado ng kadalisayan, itatala ng Allah para sa kanyang talaan ang sampung mababuting gawain." (Naiulat ni at-Tirmidhi)

حَدَّثَنَا عَمْرِ بْنِ سَعِيدِ بْنِ الْعَاصِ، قَالَ كُنْتُ عِنْدَ عُثْمَانَ فَدَعَا بِطَهُورٍ فَقَالَ سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ صلى الله عليه وسلم يَقُولُ " مَا مِنِ امْرِئٍ مُسْلِمٍ تَحْضُرُهُ صَلاَةٌ مَكْتُوبَةٌ فَيُحْسِنُ وُضُوءَهَا وَخُشُوعَهَا وَرُكُوعَهَا إِلاَّ كَانَتْ كَفَّارَةً لِمَا قَبْلَهَا مِنَ الذُّنُوبِ مَا لَمْ يُؤْتِ كَبِيرَةً وَذَلِكَ الدَّهْرَ كُلَّهُ ".

Iniulat ni 'Amr ibn Sa'id ibn al-As: Kasama ko si Uthman, at humingi siya ng tubig para sa pagpapakadalisay at kanyang sinabi: Narinig ko ang Sugo ng Allah na nagsabi: Kapag dumating ang oras ng itinakdang pagdarasal, at may isang Muslim na nagsagawa ng maayos na pagpapakadalisay at nag-alay ng dasal nang may kababaang-loob at pagpapakumbaba, siya ay patatawarin sa kanyang mga nakaraang kasalanan, habang hindi siya gumagawa ng malalaking kasalanan, at ito ay ipinatutupad sa lahat ng pagkakataon. (Naiulat ni Muslim)

رَأَى رَسُولُ اللَّهِ ـ صلى الله عليه وسلم ـ رَجُلاً يَتَوَضَّأُ فَقَالَ " لاَ تُسْرِفْ لاَ تُسْرِفْ "

"Nakita ng Sugo ng Allah ang isang lalaking nagpapakadalisay at kanyang sinabi: 'Huwag mag-aksaya, huwag mag-aksaya (sa paggamit ng tubig)."

(Naiulat ni Ibn Majah)

3. Mga Gawaing Nagpapawalang-bisa ng Wudhuu

Kapag ang isang tao ay nagsagawa ng *Wudhuu*, siya ay pumasok sa estado ng kadalisayan sa kanyang pagharap sa Allah upang mag-alay ng pagdarasal. Ang mga sumusunod na gawain ay mga bagay na nagpapawalang-bisa ng kadalisayan na nangangailangan ng pagsasagawa nitong muli upang pumasok sa estado ng kadalisayan:

1. Ang paglabas mula sa maselang bahagi ng katawan, (tulad ng ihi, dumi, utot, punlay at iba pang likidong kabilang sa *Najasa*).
2. Ang pagkatulog ng mahimbing.
3. Ang pagkawala ng malay sa anumang kadahilanan.
4. Ang derektang paghawak ng kamay sa maselang bahagi ng katawan.
5. Sinumang nakahawak ng maruruming bagay (*Najasa*, tingnan sa Kabanata 2, bilang 1)
6. Ang pagdurugo, (gayun pa man, mahalagang basahin ang mahahalagang punto tungkol sa pagpapakadalisay sa bilang ‘C’ sa itaas).
7. Ang pagsusuka
8. Ang paggawa ng mga bagay na ipinagbabawal sa Islam katulad ng paninirang-puri, pagsisinungaling, pagsasalita ng masama at kung anu-ano pa.



Kabanata 4 – Salaa (Pagdarasal)

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng apat na bahagi: (1) Ang mga Uri ng *Salaa*, (2) Ang mga Tamang Oras ng *Salaa*, (3) Paano Isagawa ang *Salaa*, at (4) Ang mga Gawaing Nagpapawalang-bisa ng *Salaa*.

1. Mga Uri ng Salaa

Ang Islamikong pagdarasal (*Salaa*) ay kinabibilangan ng mga sumusunod na hakbang at mga paggalaw.



Ang pagtayo, ang pagyuko at ang dalawang pagpapatirapa sa isang yugto o ang tinatawag na *Raka'a* sa salitang Arabik. Mayroong magkakaibang uri ng *Salaa* at ang bawat uri nito ay mayroong magkakaibang bilang ng *Raka'as*. Ang mga sumusunod na talaan ay nagpapakita ng iba't ibang uri ng pagdarasal at bilang ng kanilang mga *Raka'as*.



Ang mga Obligado at Araw-araw na Pagdarasal

	Salaa	Raka'as
1	Ang pagdarasal bago sumapit ang Bukang-liwayway (*Fajr*)	2
2	Ang pagdarasal pagkaraan ng tanghaling-tapat (*Dhuhr*)	4
3	Ang pagdarasal sa pagitan ng Dhuhr at Maghrib (*Asr*)	4
4	Ang pagdarasal pagkatapos ng Takip-silim (*Maghrib*)	3
5	Ang pagdarasal pagkatapos tuluyang lumaganap ang dilim (*Isha*)	4
6	Ang pagdarasal sa araw ng Biyernes	2

Recommended Prayers (Sunan)

	Salaa	Raka'as
1	Bago mag-alay ng pagdarasal ng *Fajr*	2
2	Pagkaraang mag-alay ng pagdarasal ng *Dhuhur*	2
3	Pagkaraang mag-alay ng pagdarasal ng *Maghrib*	2
4	Pagkaraang mag-alay ng pagdarasal ng *Isha*	2
5	*Al-Witr* – pagkaraang mag-alay ng pagdarasal ng *Isha*	3

Mga Paalala:

1. Ang *Al-Witr* ay isinasagawa pagkatapos ng pagdarasal ng *Isha*. Sinuman ay maaaring magsagawa nito, anumang oras, hanggang bago sumapit ang panawagan sa pagdarasal ng *Fajr*.
2. Ang pagdarasal sa araw ng Biyernes na ipinapalit sa pagdarasal ng *Dhuhr* ay obligado sa bawat lalaking Muslim na nananatili sa lugar ng kanilang mga tahanan. Gayun pa man, sinuman ang makaligtaang isagawa ang pagdarasal sa araw ng Biyernes, kailangan niyang isagawa ang pagdarasal ng *Dhuhr*. Ang kababaihan, ang mga naglalakbay at ang mga may karamdaman ay hindi obligadong dumalo sa pagdarasal na ito sa araw ng Biyernes, (i.e. maaari silang magdasal ng normal na dasal ng *Dhuhr*). Ang pagdarasal sa araw ng Biyernes ay sinisimulan sa pamamagitan ng pagbibigay ng sermon (*Khutbah*) at pagkatapos ay susundan ng dalawang *Raka'as* ng dasal para sa araw ng Biyernes. Ito ay isinasagawa ng sama-sama, at ito ay sinusundan ng dalawa o hanggang apat na *Raka'as* na boluntaryong pagdarasal.
3. Maraming iba't ibang uri ng pagdarasal katulad halimbawa ng pagdarasal ng *Tarawih* sa buwan ng *Ramadhan*, ang pagdarasal sa araw ng *Eid*, ang pagdarasal sa isang namatay at iba pa. Ang karagdagang mga detalye sa naturang mga pagdarasal ay makikita sa ibang mga aklat na may kinalaman at tumatalakay sa pagdarasal.

2. Ang mga Oras ng Salaa

Ang limang obligadong pagdarasal ay nararapat isagawa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang at mga itinakdang oras.

Ang Pagdarasal bago sumapit ang Bukang-liwayway (*Fajr*)	Ito ay nagsisimula humigit-kumulang isang oras bago sumikat ang araw
Ang Pagdarasal pagkaraan ng tanghaling-tapat (*Dhuhr*)	Ito ay nagsisimula ilang minuto matapos tumawid ang sikat ng araw sa kalagitnaan ng kalawakan at natatapos kapag dumating na ang oras ng Asr
Ang Pagdarasal sa pagitan ng Dhuhr at Maghrib (*Asr*)	Ito ay nagsisimula kapag ang anino ng isang bagay ay kasinglaki na nito, at natatapos kapag sumapit na ang takip-silim
Ang Pagdarasal pagkatapos ng Takip-silim (*Maghrib*)	Ito ay nagsisimula pagkaraan ng ilang minuto matapos lumubog ang araw at natatapos kapag tuluyan ng lumaganap ang dilim
Ang Pagdarasal kapag tuluyan ng lumaganap ang dilim (*Isha*)	Ito ay nagsisimula makalipas ang halos isa at kalahating oras pagkatapos ng Magrib, at kapag tuluyan nang lumaganap ang dilim, at natatapos bago sumapit ang hating-gabi

Ang mga oras ng pagdarasal ay matutunghayan sa loob ng mga mosque. Karagdagan pa rito ang mga aplikasyon sa mga mobile phone na nagpapakita ng mga oras ng pagdarasal sa iba't ibang lungsod sa buong mundo na matatagpuan sa Android at iOS.

Ang mga pagdarasal ay hindi pinapahintulutan sa mga sumusunod na oras:

1. Habang sumisikat ang araw, i.e. kapag ang araw ay kasalukuyang sumisikat hanggang sa ito ay tuluyan nang pumaitaas.

2. Kapag ang araw ay nasa kalagitnaan, (i.e. eksaktong nasa gitna ng kalawakan at hanggang hindi kumikiling pakanluran).

3. Kapag ang araw ay kasulukuyang lumulubog, (i.e. nagsisimula na sa paglubog hanggang sa tuluyan na itong maglaho).

Maging ang mga pagdarasal ay hindi rin pinahihintulutan sa mga sumusunod na kalagayan:

a. Pagkaraang magdasal ng *Fajr*, hanggang ang araw ay tuluyang pumaitaas, (maliban lamang kung kinakailangan para sa pagdarasal sa isang namatay).

b. Pagkaraang magdasal ng Asr, hanggang takip-silim, (maliban lamang kung kinakailangan para sa pagdarasal sa isang namatay).

3. Paano isagawa ang Salaa

Ang mga hakbang ayon sa pagkakasunod-sunod na nakapaloob sa limang itinakdang pagdarasal at mga karagdagang dasal ay matutunghayan sa Kabanata 9. Ang lahat ng pagdarasal ay kailangang isagawa habang nakaharap sa direksyon ng *Ka'abah* sa Makkah. Ang direksyong ito na nakaharap sa *Ka'abah* ay tinatawag na *Qiblah*. May mga aplikasyon sa mga mobile phone na nagtatakda ng *Qiblah* na makikita sa Android at iOS.

4. Ang mga gawaing nagpapawalang-bisa ng Salaa

May dalawang kategorya ng mga gawaing nagpapawalang-bisa ng *Salaa*, (a) ang mga bagay na may kinalaman sa kalagayan ng pag-iisip, i.e. estadong pangkaisipan, (b) at aksyong pisikal.

A. Ang mga gawaing may kinalaman sa estado ng pag-iisip

1. Ang pagpapalit ng layunin habang nagsasagawa ng pagdarasal. Halimbawa, ang pagpapalit ng uri ng dasal mula sa isang obligadong pagdarasal tungo sa isang karagdagang pagdarasal lamang.

2. Ang pansamantalang pagkawala ng ulirat dulot ng pagkaantok o pagkahilo. Dahil ang katinuan ng pag-iisip ay isang kondisyon sa pagdarasal.

3. Ang labis at ang intensyonal na pagkakaroon ng ibang iniisip na walang kaugnayan sa pagdarasal.



B. Pisikal na mga Gawain

1. Ang pag-iwan sa mahahalagang gawain (o haligi) ng pagdarasal:

    a. Ang pagkakaroon ng layunin (*Niyya*)

    b. Ang pagtayo (*Qiyam*)

    c. Ang pagbigkas ng *Takbiratul Ihram* (ang pagbigkas ng *Allahu Akbar* bilang hudyat sa simula ng pagdarasal)

    d. Kinakailangan ang tamang konsentrasyon at matinong pag-iisip

    e. Ang pagbigkas ng *Al-Fatiha* sa lahat ng Raka‘as

    f. Ang pagyuko (*Rukuu*)

    g. Ang pagpapatirapa (*Sujud*)

    h. Ang pag-upo (*Tashahhud*)

    i. Ang pagbigkas ng *At-Taslim* (ang pagsasabi ng ‘*salaamu alaykum warahmatu llah’* sa pagtatapos)

2. Ang pagkain at pag-inom habang nagdarasal.

3. Ang pagsasalita ng mga bagay na hindi kabahagi ng pagdarasal.

4. Ang pagngiti at pagtawa habang nagdarasal.

5. Ang patuloy na pagkilos na hindi kabahagi ng pagdarasal.

6. Anumang bagay na nakakapagpawalang-bisa ng kadalisayan.

Kabanata 5 – Ang Sama-samang (Kongregayon) Salaa

(Basahin ang kabanatang ito pagkaraan mong makumpleto ang Kabanata 4 at 9)

A. Ang Kaibahan sa Pagitan ng Sama-samang Salaa at sa Pang-isahang Salaa:

1. Kapag magdarasal ng nag-iisa (i.e. solo), kailangan mong bigkasin ang *Iqamah* (katulad ng ipinaliwanag sa Kabanata 9). Samantala, sa sama-samang pagdarasal, ang *Muadhin* ang siyang bibigkas ng *Iqamah* para sa lahat (hindi nararapat bigkasin ng kababaihan ang *Iqamah* sa lahat ng uri ng kanilang pagdarasal).

2. Kapag mag-isang nagdarasal, kailangang bigkasin ng mahina lamang. Gayun pa man, kapag nagdarasal ng sama-sama, maririnig mo ang *Imam* habang binibigkas niya ng malakas ang mga sumusunod;

    a. Ang unang '*Allahu Akbar*', (*Takbiratul Ihram* sa wikang Arabik).

    b. Ang pagbigkas ng *Al-Fatiha* sa unang dalawang *Raka'as*, (maliban sa *Dhuhur* at *Asr* na pagdarasal sapagkat ang lahat ng ito ay binibigkas ng mahina lamang).

    c. Ang pagbigkas ng *Surah* pagkaraang bigkasin ang *Al-Fatiha* sa unang dalawang *Raka'as*, (sa mga pagdarasal na nangangailangan ng *Surah*).

    d. Ang pagbigkas ng '*Allahu Akbar*' kapag yumuyuko, nagpapatirapa, uupo at muling pagtayo.

    e. Ang pagbigkas ng '*Samia Llahu Limanhamida*' kapag tatayo, mula sa posisyon ng pagkakayuko.

    f. Ang pagbigkas ng '*Salaam Alaykum Warahmatullah*' ng *Imam* bilang hudyat na natatapos na ang *Salaa.*

Kailangan mong bigkasin ng tahimik ang binibigkas ng *Imam*, maliban sa letrang 'c' sapagkat hindi mo kailangang magbasa ang *Surah* (bagkus ay makinig ka lamang), at sa letrang 'e' ay hindi mo kailangang bigkasin ang sinasabi ng *Imam* subali't kailangan mong sabihin ang '*Rabbana Walaka l'Hamd*' pagkatapos mong tumayo.

3. Kapag nagdarasal ng mag-isa na nangangailangan ng *Al-Fatiha* at *Surah*, kailangang bigkasin ng mahina ang *Al-Fatiha* at *Surah*. Subali't kapag sama-sama, bigkasin mo ng mahina ang *Al-Fatiha* at makinig sa *Imam* habang nagbabasa ng *Surah*.

B. Paano sumali sa sama-samang Salaa

Kapag ikaw ay nahuli sa isinasagawang sama-samang pagdarasal, at nalamang ito ay nagsimula na, maaari ka pa ring sumama sa kanilang pagdarasal, at gawin na lamang ang mga nakaligtaang hakbang kapag natapos na ng Imam ang pagdarasal sa pamamagitan ng pagsasabi ng '*As-Salaamu Alykum Warahmatu'llah*'. Ang mga sumusunod ang dalawang halimbawa ng paglalarawan kung papaano maaaring sumama sa isang kongregasyon na pagdarasal.

Halimbawa 1

Sa pagdarasal ng *Isha* ay naabutan mo ang *Imam* na binibigkas ang *Al-Fatiha* sa pangalawang *Raka'a*. Sa ganitong kalagayan ay maaari kang sumali ayon mga sumusunod.

1. Bigkasin ang *Tawjih.*
2. Sabihin ang '*Allahu Akbar'.*
3. Sabihin ang '*Audhu Billahi Mina Shaytani Rrajim.'*
4. Bigkasin ang *Al-Fatiha* habang sumusunod sa Imam.
5. Makinig sa *Imam* habang binibigkas ang *Surah* pagkatapos ng *Al-Fatiha.*
6. Sumunod sa *Imam* hanggang matapos ang pagdarasal.
7. Kapag natapos ng Imam ang pagdarasal, tumayong muli nang hindi sinasabi ang '*Allahu Akbar'.*
8. Bigkasin ang *Al-Fatiha* at *Surah.*
9. Gawin ang pagyuko at ang pagpapatirapa at pagkatapos ay muling tumayo.
10. Sa puntong iyon ay narating mo na ang kalagayan kung paano ka sumali sa pagdarasal.
11. Umupo at huwag bumigkas ng '*Allahu Akbar.'*
12. Tapusin ang pagdarasal sa pagbigkas ng '*As-Salaamu Alykum Warahmatu'llah'.*

Halimbawa 2

Sa pagdarasal ng *Dhuhr* ay nakita mo ang Imam sa unang pag-upo. Sa ganitong kalagayan ay maaari kang sumali ayon mga sumusunod:

1. Bigkasin ang *Tawjih.*
2. Sabihin ang '*Allahu Akbar'.*
3. Sabihin ang '*Audhu Billahi Mina Shaytani Rrajim.'*
4. Umupo at sundan ang *Imam* hanggang sa matapos ang pagdarasal.
5. Kapag natapos ng *Imam* ang pagdarasal, tumayo at huwag bigkasin '*Allahu Akbar'*
6. Bigkasin ang *Al-Fatiha*, yumuko, magpatirapa at muling tumayo (Ito ang unang *Raka'a*).
7. Bigkasin ang *Al-Fatiha*, yumuko, magpatirapa at umupo (Ito ang pangalawang *Raka'a*).
8. Sa puntong ito ay narating mo na ang kalagayan kung paano ka sumali sa pagdarasal.
9. Kapag nabigkas mo ang unang *Tahiyat* sa pagsali mo sa pagdarasal, tapusin ang pagdarasal sa pamamagitan ng pagbigkas ng '*As-Salaamu Alykum Warahmatu'llah*'. Subali't kapag hindi mo nabigkas ang unang *Tahiyat* sa pagsali mo sa pagdarasal, ay kailangan mo itong bigkasin at tapusin ang pagdarasal.

Maaari kang sumali sa isinasagawang sama-samang *Salaa* saan mang yugto o kalagayang inabutan mo, at gawin ang mga nakaligtaang bahagi nito na inilalarawan sa mga naturang halimbawa. Ang mahalaga, sundan mo ang Imam hanggang sa huling bahagi ng kanyang pagdarasal at gawin mo ang bahagi nito na hindi mo inabutan.



Mga Hadiths Kaugnay ng mga Sama-samang Pagdarasal

قَالَ رَسُولَ اللَّهِ صلى الله عليه وسلم

مَنْ صَلَّى الْعِشَاءَ فِي جَمَاعَةٍ فَكَأَنَّمَا قَامَ نِصْفَ اللَّيْلِ وَمَنْ صَلَّى الصُّبْحَ فِي جَمَاعَةٍ فَكَأَنَّمَا صَلَّى اللَّيْلَ كُلَّهُ

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: Sinuman ang nakasali sa isang sama-samang pagdarasal ng 'Isha', siya ay tila nakapagdasal hanggang hating-gabi, at sinuman ang nakasali sa isang sama-samang pagdarasal sa umaga, siya ay tila nakapagdasal ng isang buong magdamag.

(Naiulat nina Muslim at at-Tirmidhi)

عَنْ عُثْمَانَ بْنِ عَفَّانَ، قَالَ سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ صلى الله عليه وسلم يَقُولُ « مَنْ تَوَضَّأَ لِلصَّلاَةِ فَأَسْبَغَ الْوُضُوءَ ثُمَّ مَشَى إِلَى الصَّلاَةِ الْمَكْتُوبَةِ فَصَلاَّهَا مَعَ النَّاسِ أَوْ مَعَ الْجَمَاعَةِ أَوْ فِي الْمَسْجِدِ غَفَرَ اللَّهُ لَهُ ذُنُوبَهُ »

Iniulat ni 'Uthman Ibn 'Affan:

"Sugo ng Allah – sumakanya nawa ang kapayapaan na nagsabi; Sinuman ang nagsagawa ng maayos na wudhuu at nag-alay ng isang obligadong pagdarasal, at nakisali sa mga tao sa kanyang pagdarasal, o sa isang sama-samang pagdarasal, o sa loob ng masjid, patatawarin ng Allah ang kanyang mga kasalanan"

(Naiulat ni an-Nasa'i)

Kabanata 6 – Mga Alituntunin na May Kinalaman sa mga Kababaihan

Ang mga bagay na may kinalaman sa *Tahara* (Pagpapakadalisay) at *Salaa* (Pagdarasal) para sa mga kalalakihan at mga kababaihan ay tinalakay nang lahat sa iba't ibang bahagi ng aklat na ito. Subali't ang kabanatang ito ay tumatalakay lamang sa mga alituntuning nararapat lamang sa kababaihan.

1. Ang mga kababaihan ay hindi kinakailangang mag-alay ng *Salaa* (o pag-aayuno) sa panahon ng kanilang buwanang-dalaw o panahon ng pagdurugo dahil sa kanilang panganganak.
2. Ang mga kababaihan ay kailangang magsagawa ng ritwal na paliligo upang manumbalik sa estado ng *Tahara* pagkatapos nilang mapag-alaman na natapos na ang kanilang pagdurugo dulot ng kanilang buwanang-dalaw o panahon ng pagdurugo dahil sa kanilang panganganak.
3. Kapag ang isang babae ay nanumbalik na sa estado ng kadalisayan (*Tahara*), hindi na niya kailangang bayaran ang pagdarasal na kanyang nakaligtaan habang siya ay nakakaranas ng pagdurugo dahil sa kanyang buwanang-dalaw o sa panahon ng pagdurugo dulot ng kanilang panganganak.
4. Ang pagdurugo ay itinuturing na isang buwanang-dalaw kung ito ay umabot sa pagitan ng 3-10 araw. Kapag ang pagdurugo ay hindi umabot sa tatlong araw, ito ay hindi maituturing na buwanang-dalaw. Kailangan niyang isagawa ang ritwal na paliligo at mag-alay ng *Salaa*. Kailangan niya ring punuan ang mga pagdarasal na kanyang nakaligtaan.
5. Ang panahon ng pagdurugo ng bawat isa ay hindi magkakatulad. Ang bilang ng araw ay sinisimulan kung anong oras nagsimula ang pagdurugo hanggang sa susunod na araw. Isang halimbawa, kung ang pagdurugo ay nagsimula nang ika-9 ng umaga, sa susunod pang ika-9 nang umaga ang simula ng pagbilang ng isang araw.
6. Kinakailangang gawin ang ritwal na paliligo at mag-alay na muli ng mga pagdarasal kapag nalaman niya na tapos na ang pagdurugo ng kanyang buwanang-dalaw; pagkatuyo o paglabas na maputing tila gatas na likido.
7. Kapag ang pagdurugo na sanhi ng kanyang buwanang-dalaw ay lumampas na sa 10 araw, o kapag ang pagdurugo dahil sa kanyang panganganak ay umabot na sa karaniwang 40 araw, ang isang babae ay nararapat ng magsagawa ng ritwal na paliligo at manumbalik na sa pag-aalay ng kanyang pagdarasal.

8. Ang mga kababaihang mayroong regular na panahon sa kanyang buwanang-dalaw ay nararapat pang maghintay ng karagdagang dalawang araw (48 oras) kung ang pagdurugo ay tuloy-tuloy nang higit sa pangkaraniwang bilang, o kaya ay maghintay ng karagdagang pang isang araw (24 oras) bago niya isagawa ang ritwal na paliligo. Isang halimbawa, kung ang kanyang regular na bilang ay anim na araw, kailangan niyang isagawa ang ritwal na paliligo pagdating sa ika-8 araw kung patuloy pa rin ang pagdurugo, o pagkatapos ng ika-7 araw. Sa mga hindi regular ang bilang at sa mga baguhan, ang 10 araw (punto bilang 7 sa itaas) na panuntunan ay nararapat sundin.

9. Ang pagdurugo bago mangyari ang normal na araw ng buwanang-dalaw ay hindi kabilang sa tinatawag na buwanang-dalaw.

10. Ang panibagong pagdurugo na naganap pagkaraang huminto ay isinasaalang-alang na kabilang ng buwanang-dalaw sa loob ng 24 oras. Kapag umabot na sa 24 oras at wala nang nakikita pang palatandaan ng buwanang-dalaw ay kailangan na niyang isagawa ang ritwal na paliligo.

11. Ang pagdurugong dinaranas ng mga batang hindi pa umabot sa 9 na taong gulang sa kalendaryong lunar, o kaya ay 8 ½ taon pa lamang sa kalendaryong solar, at mga kababaihan na tumigil na sa kanilang buwanang-dalaw ay hindi na kailangang magsagawa ng ritwal na paliligo at maaari silang magpatuloy sa kanilang pagdarasal.

12. Kapag isasagawa ang ritwal na paliligo pagkaraan ng buwanang-dalaw at panahon ng pagdurugo dulot ng panganganak, hindi nila nararapat isalapid at kailangan nilang tanggalin ang pagkakatali ng kanilang buhok upang mabasa itong mabuti. Gayun pa man, hindi na kailangang tanggalin ng isang babae ang pagkakatali ng kanilang buhok kung siya ay nakipagtalik lamang. At ang paggamit ng tubig upang mabasang mabuti ang kanyang buhok na umabot sa anit ng kanyang ulo ay sapat na.

13. Ang kababaihan ay pinahihintulutang dumalo sa isang sama-samang pagdarasal na idinaraos sa isang mosque. Subali't sinabi ng Propeta – sumakanya nawa ang kapayapaan; 'ang pagdarasal ng isang babae sa kanyang bahay ay higit na kapaki-pakinabang'. Subali't kung siya ay pupunta sa isang kongregasyon na pagdarasal ay kailangan niyang sundin ang mga panuntunan kaugnay ng tamang pananamit at walang isusuot na anumang bagay o palamuti na ginagamit sa pagpapaganda.

Kabanata 7 – Ang Pagkakaiba ng Interpritasyon Tungkol sa Pagdarasal Ayon sa Hukom ng Batas-Islamiko sa Pagitan ng mga Islamikomg Paaralan

Ang batas ng Islam, at paraan ng pag-aalay ng anumang uri ng pagsamba ay kinuhang lahat sa Qur'an at sa mga katuruan ng huling Sugo ng Diyos na si Muhammad – sumakanya nawa ang kapayapaan. Ang mga paaralang ito, na tinatawag ding 'mga Sekta' o *Madhahib*, ay hindi nagkakaiba pagdating sa mga pangunahing panuntunan ng batas at mga kinakailangang gawin sa Islam upang mag-alay ng anumang uri ng pagsamba. Kung may mga bagay o pagkakaiba-iba man sa ilang mahahalagang aspeto nito, ito ay dulot nang hindi nila pagkakaroon ng magkakatulad na interpritasyon sa ilang mga talata sa Qur'an at sa mga iniwang aral ng Propeta.

Ang lahat ng Muslim sa buong mundo ay patuloy na sumusunod sa mga itinakdang bilang ng pagdarasal at nananatiling nagpapatupad ng mga pangunahing panuntunan na may kinalaman at kinakailangan sa pagdarasal. Gayun pa man, sanhi na rin ng usaping nabanggit sa itaas, mayroong pagkakaiba sa bilang ng minuto at mga detalye na kinakailangan sa pagdarasal. Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa ng mga bagay na hindi magkakatulad:

1. Ang pagbigkas '*Bismillah*' kapag magsisimulang gawin ang *Wudhuu*.
2. Ang pagtataas ng mga kamay kapag bibigkasin ang *Takbiratul Ihram,* sa pagsisimula, at bago at pagkatapos ng pagyuko.
3. Ang pagbigkas ng *Tawjih* pagkaraan at bago bigkasin ang *Takbiratul Ihram*.
4. Ang paglalagay o pagpatong ng mga kamay sa pagitan ng dibdib habang nakatayo.
5. Ang pagbigkas ng mga talata sa Qur'an pagkaraan ng *Al-Fatiha* sa una at pangalawang *Raka'a* ng *Dhuhr* at *Asr* na mga pagdarasal.
6. Ang pagbigkas ng mga panalangin sa oras ng pagdarasal (*Qunut*).
7. Ang pagbigkas ng '*Aamin*' pagkaraang basahin ng Imam ang *Al-Fatiha.*

Ang mga naturang pagkakaiba ay hindi nagiging dahilan upang mawala ang kahalagahan ng pagdarasal at mga nararapat gawin sa pagsasagawa nito. Ang importante ay mapanatili natin ang mga itinakdang pagdarasal bilang pagtalima at pagsunod sa mga kautusan ng Allah at maipakita natin ang ating pagiging maka-Diyos. Mainam na sumunod sa mga batas mula sa mga paaralang ito na ipinatutupad sa inyong mga pamayanan habang sumusunod sa mapagkakatiwalaang mga aral mula sa Qur'an at sa aral ng Propeta – sumakanya nawa ang kapayapaan.

لَّيْسَ ٱلْبِرَّ أَن تُوَلُّوا۟ وُجُوهَكُمْ قِبَلَ ٱلْمَشْرِقِ وَٱلْمَغْرِبِ وَلَٰكِنَّ ٱلْبِرَّ مَنْ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةِ وَٱلْكِتَٰبِ وَٱلنَّبِيِّۦنَ وَءَاتَى ٱلْمَالَ عَلَىٰ حُبِّهِۦ ذَوِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينَ وَٱبْنَ ٱلسَّبِيلِ وَٱلسَّآئِلِينَ وَفِى ٱلرِّقَابِ وَأَقَامَ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتَى ٱلزَّكَوٰةَ وَٱلْمُوفُونَ بِعَهْدِهِمْ إِذَا عَٰهَدُوا۟ ۖ وَٱلصَّٰبِرِينَ فِى ٱلْبَأْسَآءِ وَٱلضَّرَّآءِ وَحِينَ ٱلْبَأْسِ ۗ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ صَدَقُوا۟ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُتَّقُونَ

Hindi makatarungan na iharap ninyo ang inyong mga mukha sa Silangan o sa Kanluran, subali't makatarungan na maniwala sa Allah at sa Huling Araw, at sa mga Anghel, at sa mga Aklat, at sa mga Sugo; gugulin at ipamalas ang inyong pagmamahal para sa Kanya, sa inyong kamag-anak, sa mga ulila, sa mga nangangailangan, sa mga manlalakbay, sa mga humihingi ng tulong, at ipangtutubos sa mga alipin, ang manatili sa pagdarasal at pagbibigay ng kawanggawa, ang tumupad sa mga kasunduang inyong ginawa, at manatiling matatag at magtiis sa mga pagsubok sa panahon na may pangamba. Sila ang mga makatotohanang tao, ang matatakutin sa Allah. (Qur'an 2:177)

Kabanata 8. Ang mga Karagdagang Usapin at mga Panuntunan

Ang mga sumusunod ay pawang mga inirerekomendang gawain, alituntunin at mahahalagang isyu kaugnay sa pag-aalay ng *Salaa*.

Ang Kahandaan sa Pagdarasal

Tugunan ang tawag ng kalikasan sa pamamagitan ng pagpunta sa palikuran at gawin ang mga kinakailangang gawin bago mag-alay ng *Salaa* upang maging maayos at panatag ang pakiramdam. Ito ay makatutulong upang manatiling alerto at puno ng konsentrasyon sa iyong *Salaa*. Isa sa pinakamainam na susi sa *Salaa* ay ang pagkakaroon ng kababaang-loob at katiyakan sa mga ginagawa habang isinasagawa ang Salaa. Sinabi ng Allah (swt);

قَدْ أَفْلَحَ ٱلْمُؤْمِنُونَ ۞ ٱلَّذِينَ هُمْ فِى صَلَاتِهِمْ خَٰشِعُونَ ۞

Katotohanan, matagumpay ang mga mananampalatayang nagpapakumbaba sa pag-aalay ng kanilang pagdarasal. (Qur'an 23:1-2)

Panuntunan sa Tamang Pananamit

Ipinag-utos ng Allah (swt) na magsuot ng tamang kasuotan kapag tayo ay magdarasal;

يَٰبَنِىٓ ءَادَمَ خُذُوا۟ زِينَتَكُمْ عِندَ كُلِّ مَسْجِدٍ

O mga anak ni Adan, maglagay ng palamuti, (sa oras ng pagdarasal) sa bawat Masjid. (Qur'an 7:31)

Kailangang natatakpan ng tamang kasuotan ang maselang bahagi ng katawan *('Awrah)*. Sa kalalakihan, bagaman at ang *'Awrah* ay tumutukoy sa bahagi ng katawan mula sa pusod hanggang sa ibaba ng tuhod, nararapat pa ring magsuot ng desenteng damit na naaangkop at tama, ang pagpapahalaga at paggalang na ito ay tungkulin natin sa Allah (swt) sa tuwing tayo ay magdarasal. Para sa kababaihan, ang kanilang buong katawan ay nararapat takpan ng maayos at tama, maliban sa kanilang mukha at mga kamay. Ang masikip, manipis at naaaninag na pananamit ay hindi pinahihintulutan sa kalalakihan at lalung-lalo na sa kababaihan. Dagdag pa rito, ipinagbabawal sa kalalakihan ang pagsusuot ng ginto at telang seda sa lahat ng oras.

Ang Sama-samang (o ang Kongregasyong) Pagdarasal

Para sa kalalakihan, ang limang obligadong pagdarasal ay kailangang isagawa ng sama-sama o sa isang kongregasyon, maliban lamang kung may mga katanggap-tanggap na dahilan upang ang isang tao ay hindi makapagsagawa ng bagay na ito. Sinabi ng Propeta – sumakanya nawa ang kapayapaan; 'Ang pagdarasal ng sama-sama ay nakahihigit ng dalawamput-pitong beses na biyaya kung ihahambing sa pagdarasal ng nag-iisa'.[6]

Hindi obligado sa isang babae na sumali sa pagdarasal na isinasagawa sa isang kongregasyon.

Mga Karagdagang Pagdarasal [*Sunnah* (sa pang-isahan), *Sunan* (sa pangmaramihan)]

Ang mga karagdagang pagdarasal o boluntaryong pagdarasal ay isinasagawa bago magsimula at pagkatapos ng mga obligadong pagdarasal, upang magkamit ng karagdagang mga biyaya at maging mas malapit pa sa Allah. Bukod pa sa mga unang nabanggit sa Kabanata 4, bilang 1, ang mga sumusunod ay mga karagdagan at iba pang uri ng pagdarasal.

- Dalawang *Raka'as* kapag papasok sa mosque. Ang *Sunnah* na ito ay tinatawag na *'Tahiyyatul Masjid'* o tinatawag na 'Pagbati sa Mosque'.
- Dalawa o apat na *Raka'as* pagkaraang sumikat ang araw hanggang bago dumating ang araw sa kalagitnaan ng kalawakan. Ito ay isang uri ng pagdarasal na tinatawag na *Dhuha*.
- Dalawa o apat na *Raka'as* bago sumapit ang pagdarasal ng *Isha*.
- Dalawa o mas higit pang bilang ng *Raka'as* sa huling bahagi ng gabi, (ito ay tinatawag na *Qiyamul Layl*).

Ang mga karagdagang pagdarasal ay isinasagawa ng may tig-dalawang *Raka'as*. Ito ay maaaring isagawa sa loob ng mosque, sa loob ng bahay at iba pang lugar na maaaring pagdausan ng dasal. Gayun pa man, inirerekomenda ng Propeta – sumakanya nawa ang kapayapaan na isagawa ito sa loob ng ating mga tahanan.

[6] Ang sinabing ito ng Propeta ay naiulat nina ar-Rabi'i, Bukhari, Ibn Majah at iba pa.



Ang mga Pagdarasal Habang Naglalakbay

Kapag ikaw ay naglalakbay, kinakailangan mong paikliin mula sa apat na *Raka'as* hanggang sa dalawang *Raka'as* ang iyong pagdarasal ng *Dhuhr*, *Asr* at I*sha*. Ang pagdarasal *Fajr* at *Maghrib* ay mananatili sa kanilang orihinal na anyo. Kapag pinaikli mo ang *Dhuhr*, *Asr* at I*sha m*aaari mong gawin ng hanggang dalawang *Raka'as* lamang at pagkatapos ay kailangan mong bigkasin ng kumpleto ang *Tahiyat*.

Maaari mo ring pag-isahin (a) ang pinaikling *Dhuhr* na susundan kaagad ng *Asr* anumang oras sa pagitan ng oras ng pagdarasal ng *Dhuhr* hanggang bago sumapit ang *Maghrib*. At (b) ang *Maghrib* na kaagad susundan ng *Isha* anumang oras sa pagitan ng *Maghrib* hanggang bago sumapit ang hating-gabi. Kapag ginagawa mo ang magkakarugtong na pagdarasal, hindi mo na kailangang mag-alay ng anumang karagdagan pang pagdarasal (*Sunan*), maliban sa pagdarasal ng *Witr*.

Kapag naglalakbay, hindi ka obligadong magsagawa ng pagdarasal para sa araw ng Biyernes (i.e. sapat na ang pagdarasal ng *Dhuhr).*

Ang mga Pagdarasal para sa may Karamdaman

Ang mga sumusunod na hakbang ay naaangkop sa isang taong may karamdaman, depende sa kondisyon ng isang taong may sakit:

1. Maaaring paikliin at pagsamahin ang mga pagdarasal katulad ng ginagawa kapag naglalakbay.
2. Maaaring isagawa ang *Tayammum* kung hindi pwedeng gumamit ng tubig para sa pagpapakadalisay.
3. Maaaring magdasal habang nakaupo o nakahiga, at kung hindi kayang yumuko at magpatirapa, pwede niyang gawin ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagyuko ng kanyang ulo.
4. Kung hindi pa rin kayang gawin ang mga nabanggit sa itaas ay maaari siyang magdasal sa pamamagitan ng paggalaw ng kanyang mga mata lamang.
5. Kung ang lahat ng bagay na nabanggit sa itaas ay hindi pa rin kayang gawin, maaari na lamang niyang bigkasin ang limang *Takbeers* (*Allahu Akbar*) sa bawat obligadong dasal.
6. Kung hindi pa rin kayang gawin ang lahat nang nabanggit sa itaas, ang isang may karamdaman ay hindi na inuobligang magdasal, sapagkat hindi ninanais ng Allah na pahirapan tayo ng hihigit sa ating kakayanan.

Mga Nakaligtaang Salaa

Nararapat sa isang Muslim na bantayan at panatilihin ang kanyang *Salaa*. Binalaan ng Allah sa Qur'an ang mga taong nagpapabaya sa kanilang pagdarasal;

فَوَيْلٌ لِّلْمُصَلِّينَ ✵ ٱلَّذِينَ هُمْ عَن صَلَاتِهِمْ سَاهُونَ

Kasawian sa mga sumasamba, silang mga nagpapabaya sa kanilang mga Pagdarasal. (Qur'an 107:4-5)

Gayun pa man, sa mga pagkakataong nakakaligtaan ng sinuman ang mga obligadong pagdarasal dulot ng pagkalimot at pagtulog, kailangan niya itong gawin kaagad kapag naalala niya ito o kapag siya ay nagising.

Bahagi ng Salaa na Nakaligtaan

Kapag may nakalimutan kang bahagi ng *Salaa*, (maliban lamang sa mahahalagang bahagi na nagpapawalang-bisa ng *Salaa*, na nabanggit sa Kabatana 4, bilang 4 B, a), kailangan mong gawin ang dalawang pagpapatirapa ng pagkalimot (*Sujud as-Sahw*) sa huling bahagi ng pagdarasal pagkaraang bigkasin ang *Assalam Alaykum Wa Rahmatu Llah.*



Ang mga Panalangin pagkatapos ng Salaa

Kapag natapos mo ang iyong pagdarasal, lalo na ang limang obligadong pagdarasal, mainam at inirerekomendang manalangin (*du'a*) sa Allah. At sabihin:

- أَسْتَغْفِرُ اللهَ x 3
- اَللّٰهُمَّ أَنْتَ السَّلاَمُ، وَمِنْكَ السَّلاَمُ، تَبَارَكْتَ يَا ذَا الْجَلاَلِ وَالْإِكْرَامِ
- اَللّٰهُمَّ أَعِنَّا عَلى ذِكْرِكَ، وشكرك، وحُسنِ عِبَادَتِك
- اَللّٰهُمَّ إِنَّكَ عَفُو كَرِيمٌ تُحِبُ العَفو فَاعْفُ عَنَّا
- اللهُمَ صَلِ وسَلِم وبَارِك عَلى سَيِّدنا مُحَمَّد وَعَلى آلِ سيِّدنا مُحَمَّد كَما صَلَّيتَ وَسَلَّمتَ وبَارَكتَ عَلى سَيِّدنا إبراهيم وَعَلى آلِ سَيِّدنا إبراهيم في العَالمين إنَّكَ حميدٌ مَجيد

- Astaghfiru Llah (x3)
- Allahumma anta Salaam, wa minka Ssalaam, Tabaarakta ya dha ljalali wa l-ikram
- Allahumma ainna ala dhikrika wa alaa shukrika wa alaa husni ibaadatika
- Allahumma innaka affuwun karimun tuhibbul afwa fa afu anna
- Allahumma ssali wassalim wa baarik ala sayyidna Muhammad, wa ala aali sayyidna Muhammad, kama sallayta wa sallamta wa barrakta ala sayyidna Ibrahim, wa ala aali sayyidna Ibrahim, fil aalamina innaka hamidun majeed
- Oh Allah, hinihiling ko ang Iyong kapatawaran (3x)
- Oh Allah, Ikaw ang Kapayapaan, at Pinagmumulan ng Kapayapaan, ang Banal at ang Kaluwalhatian ay Naaangkop sa Iyong Kamaharlikaan.
- Oh Allah, tulungan Mo ako upang alalahanin Ka, magpasalamat sa Iyo at ang pagsamba ay para sa Iyo lamang sa pinakamainam na paraan.
- Oh Allah, Ikaw ang Magpagpatawad, ang Mapagpala, ang Mahilig Magpatawad, patawarin Mo kami.
- Oh Allah, ang may hawak ng Kabanalan, nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ay mapa kay Muhammad at sa kanyang pamilya, katulad ng kapayapaan at pagpapala kay Ibrahim at sa kanyang pamilya sa lahat ng nasyon, Ikaw ang Nararapat sa Lahat ng Papuri, Ang Maluwalhati.

Maaari kang magpatuloy sa pagdaragdag ng iba pang mga panalangin sa wikang Arabik o sa sariling wika. Ang Qur'an ay naglalaman ng napakaraming panalangin na maaaring bigkasin ng sinuman sa bawat pagtatapos ng *Salaa* o sa iba pang mga kaganapan. Ang sumusunod ay isa sa mga halimbawa na nasa huling bahagi ng ika-2 kabanata ng Qur'an.

رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذْنَآ إِن نَّسِينَآ أَوْ أَخْطَأْنَا ۚ رَبَّنَا وَلَا تَحْمِلْ عَلَيْنَآ إِصْرًا كَمَا حَمَلْتَهُۥ عَلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِنَا ۚ رَبَّنَا وَلَا تُحَمِّلْنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِۦ ۖ وَٱعْفُ عَنَّا وَٱغْفِرْ لَنَا وَٱرْحَمْنَآ أَنتَ مَوْلَىٰنَا فَٱنصُرْنَا عَلَى ٱلْقَوْمِ ٱلْكَٰفِرِينَ

Rabbana laa tuakhidhna in nasina au akhta'na, Rabbana wala tahmil alayna isran kama hamaltahu ala lladhina min qablina, Rabbana wala tuhammilna maala taqata lana bih, wa a'fu anna, waghfir lana, warhamna, anta Mawlana fansurna 'ala lqawmil kaafirin

Aming Panginoon! Huwag Mo kaming parusahan sa aming pagkalimot o pagkakamali; aming Panginoon! Huwag Mong ibigay sa amin ang mga parusang ipinaranas mo sa mga nauna sa amin; aming Panginoon! Huwag Mong ipagkaloob sa amin ang mga pagsubok na mas hihigit sa aming kakayanan. Linisin Mo ang aming mga kasalanan at pagkalooban Mo kami ng kapatawaran. Kahabagan Mo kami. Ikaw ang aming Tagapangalaga; tulungan Mo kami laban sa mga lumalaban sa aming pananampalataya.

(Qur'an 2:286)



Kabatana 9 – Ang Magkakasunod na Hakbang sa Salaa

Ang mga sumusunod na pahina ay naglalarawan ng iba't ibang hakbang na may kinalaman sa pag-aalay ng dasal. Ang bawat uwi ng pagdarasal ay nangangailangan ng itinakdang mga bilang ng *Raka'*as na inilalarawan sa mga sumusunod na talaan. (Hakbang bilang 1 hanggang 8 upang makabuo ng isang *Raka'a*)

Pagdarasal	Mga Yugto sa Pagdarasal	Mga Hakbang
Fajr – Ang Pagdarasal bago sumapit ang Bukang-liwayway	2	1-16
Dhuhur – Ang Pagdarasal pagkaraan ng tanghaling-tapat	4	1-14, 2-16
Asr – Ang pagdarasal sa pagitan ng Dhuhr at Maghrib	4	1-14, 2-16
Maghrib – Ang Pagdarasal pagkatapos ng Takip-silim	3	1-14, 8-16
Isha – Ang Pagdarasal kapag tuluyan ng lumaganap ang dilim	4	1-14, 2-16
Ang pagdarasal sa araw ng Biyernes	2	1-16
Sunnah – Mga karagdagang pagdarasal	2	1-16
Witr – Ang karagdagang pagdarasal (Sunnah) na kinapapalooban ng isa o tatlong Raka'as. Ito ay ginagawa pagkatapos ng Isha	3	1-14, 8-16

Ang mga sumusunod na paglalarawan ng pagdarasal ay tumutukoy sa pang-isahang pagdarasal. Para sa pagkakaiba kapag nagdarasal ng sama-sama, ay tingnan ang Kabanata 5.

Ang Gabay sa mga Hakbang ng Pagdarasal:

Hakbang – 1: Walang pagtawag ng *Iqamah* sa kababaihan sa lahat ng oras ng pagdarasal, o para sa kalalakihan na nagdarasal ng sama-sama.

Pagdarasal ng Fajr: (2 Raka'as, hakbang bilang 1-16 at tingnan ang mga sumusunod):-

Hakbang – 2: Kapag mag-isa kang nagdarasal, bigkasin mo ang maikling *Surah* (katulad ng *An-Nas* o kaya ay *Al-Ikhlas* o kaya ay *Al-Asr* pagkaraan mong bigkasin ang *Al-Fatiha*.

Hakbang – 8: Kapag mag-isa kang nagdarasal, bigkasin mo ang maikling *Surah* (katulad ng *An-Nas* o kaya ay *Al-Ikhlas* o kaya ay *Al-Asr* pagkaraan mong bigkasin ang *Al-Fatiha*.

Hakbang – 14: Bigkasin ang *Tahiyat* A at B at dumeretso sa hakbang bilang 15 at 16.

Ang Dhuhr at Asr na pagdarasal ay (may tig-4 na Raka'as, ang hakbang bilang 1-14, 2-16 at tingnan ang mga sumusunod):-

Hakbang – 14: Bigkasin ang *Tahiyat* A at pagkatapos ay tumayo habang binibigkas ang '*Allahu Akbar*' at tumuloy sa hakbang bilang 2 hanggang 16. Kapag nasa hakbang 14 sa pangalawang pagkakataon ay bigkasin ang *Tahiyat* A at B at magpatuloy sa hakbang bilang15 at 16.

Ang pagdarasal ng Maghrib ay may (3 Raka'as, tingnan ang hakbang bilang 1-14, 8-16 at tingnan ang mga sumusunod:-

Hakbang – 2: Kapag mag-isa kang nagdarasal, bigkasin mo ang maikling *Surah* (katulad ng *An-Nas* o kaya ay *Al-Ikhlas* o kaya ay *Al-Asr* pagkaraan mong bigkasin ang *Al-Fatiha.*

Hakbang – 8: Kapag mag-isa kang nagdarasal, bigkasin mo ang maikling *Surah* (katulad ng *An-Nas* o kaya ay *Al-Ikhlas* o kaya ay *Al-Asr* pagkaraan mong bigkasin ang *Al-Fatiha*.

Hakbang – 14: Bigkasin ang *Tahiyat* A at pagkatapos ay tumayo habang binibigkas ang '*Allahu Akbar*' at tumuloy sa hakbang bilang 8 hanggang 16, bigkasin lamang ang Al-Fatiha sa hakbang bilang 8. Kapag umabot na sa hakbang 14, sa pangalawang pagkakataon ay bigkasin ang *Tahiyat* A at B at magpatuloy sa hakbang bilang15 at 16.

Ang pagdarasal ng Isha ay may (4 Raka'as, mga hakbang bilang 1 hanggang14, 2 hanggang16 at tingnan ang mga sumusunod):-

Hakbang – 2: Kapag nagdarasal mag-isa, kailangan mong bigkasin ang maikling *Surah* (katulad ng *An-Nas* o kaya ay *Al-Ikhlas* o kaya ay *Al-Asr* pagkaraang bigkasin ang *Al-Fatiha*.

Hakbang – 8: Kapag nagdarasal mag-isa, kailangan mong bigkasin ang maikling *Surah* (katulad ng *An-Nas* o kaya ay *Al-Ikhlas* o kaya ay *Al-Asr* pagkaraang bigkasin ang *Al-Fatiha*.

Hakbang – 14: Bigkasin ang *Tahiyat* A at pagkatapos ay tumayo habang binibigkas ang '*Allahu Akbar*' at tumuloy sa hakbang bilang 2 hanggang 16. Kapag umabot na sa hakbang 14, sa pangalawang pagkakataon ay bigkasin ang *Tahiyat* A at B at magpatuloy sa hakbang bilang15 at 16.

Ang pagdarasal sa araw ng Biyernes at ang pagdarasal ng *Sunnah* ay ginagawa na katulad sa paraan ng pagdarasal ng *Al-Fajr*. Ang pagdarasal ng *Witr* ay katulad ng *Maghrib* maliban lamang kapag umabot ka na sa hakbang bilang 8 sa pangalawang pagkakataon, kailangan mong bigkasin ang maikling *Surah* pagkaraang bigkasin ang *Al-Fatiha*.

Hakbang 1

Paghahanda

(Isti'daad)

Bigkasin ang 'Iqamah' *

Bigkasin ang 'Tawjih' *

Sabihin: "Allahu Akbar"
(ang Allah ay Dakila)

Sabihin: "Audhu Billahi Mina
Shaytani Rrajiym"
(Ako ay nagpapakupkop sa Allah laban sa isinumpang si Satanas)

Hakbang 2

Ang Pagtayo (Qiyaam)

Bigkasin ang: سورة الفاتحة
Surah 'Al-Fatiha' *



Hakbang 3

Ang Pagyuko (Rukuu)

Sabihin: "سبحان ربي العظيم" x3
"Subhana Rabbiya l' Adhim" 3 beses
(*Kaluwalhatian ng Diyos, ang Pinakadakila*)



Habang yumuyuko ay sabihin: "Allahu Akbar"

Hakbang 4

Ang Pagtayo (Qiyaam)

Sabihin: "ربنا ولك الحمد"
"Rabbana walaka l'Hamd"
(*Aming Panginoon, Ang Kapuri-puri*)



Habang tumatayo ay sabihin: "Samia llahu liman hamida"

*** Sundan ang susunod na pahina**

Hakbang 5

Unang Pagpapatirapa (Sujud)

Sabihin: "سبحان ربي الأعلى" x3
"Subhana Rabbiya l' A'ala" 3 beses
(*Kaluwalhatian ng Diyos, ang Kataas-taasan*)



Habang nagpapatirapa ay sabihin: "Allahu Akbar"

Hakbang 6

Ang Pag-upo (Juluus)

Manatiling tahimik sa ganitong posisyon nang 3-4 na segundo



Habang umuupo ay sabihin: "Allahu Akbar"

Hakbang 7

Pangalawang Pagpapatirapa (Sujud)

Sabihin: "سبحان ربي الأعلى"
x3
"Subhana Rabbiya l' Aala" 3 beses
(*Kaluwalhatian ng Diyos, ang Kataas-taasan*)



Habang nagpapatirapa ay sabihin: "Allahu Akbar"

Hakbang 8

Ang Pagtayo (Qiyaam)

Bigkasin ang: سورة الفاتحة
Surah 'Al-Fatiha' *



Habang tumatayo ay sabihin: "Allahu Akbar"

Hakbang 9

Ang Pagyuko (Rukuu)

Sabihin: "سبحان ربي العظيم" x3
"Subhana Rabbiya l' Adhim" 3 beses
(*Kaluwalhatian ng Diyos, ang Pinakadakila*)



Habang yumuyuko ay sabihin: "Allahu Akbar"

Hakbang 10

Ang Pagtayo (Qiyaam)

Sabihin: "ربنا ولك الحمد"
"Rabbana walaka l'Hamd"
(*Aming Panginoon, Ang Kapuri-puri*)



Habang tumatayo ay sabihin: "Samia llahu liman hamida"

Hakbang 11

Unang Pagpapatirapa (Sujuud)

Sabihin: "سبحان ربي الأعلى" x3
"Subhana Rabbiya l'A'ala" 3 beses
(*Kaluwalhatian ng Diyos, ang Kataas-taasan*)



Habang nagpapatirapa ay sabihin: "Allahu Akbar"

Hakbang 12

Ang Pag-upo (Juluus)

Manatiling tahimik sa ganitong posisyon nang 3-4 na segundo



Habang umuupo ay sabihin: "Allahu Akbar"

Hakbang 13

Pangalawang Pagpapatirapa (Sujuud)

Sabihin: "سبحان ربي الأعلى" x3
"Subhana Rabbiya l' A'ala" 3 beses
(*Kaluwalhatian ng Diyos, ang Kataas-taasan*)



Habang nagpapatirapa ay sabihin: "Allahu Akbar"

Hakbang 14

Ang Pag-upo (Juluus)

Bigkasin ang: التحيات
'Tahiyat' *



Habang umuupo ay bigkasin ang: "Allahu Akbar"

Hakbang 15

Ang pagbati (Salaam)

Ibaling ang iyong mukha sa kanan
Sabihin: السلام عليكم
Assalam Alaykum
(*Sumaiyo nawa ang kapayapaan*)



Hakbang 16

Ang pagbati (Salaam)

Ibaling ang iyong mukha sa kaliwa
Sabihin: ورحمة الله
Wa Rahmatu Llah
(*at kahabagan ka ng Allah*)



IQAMAH

اللهُ أَكبرُ (٤ مرات)
أشهَدُ أنَّ لا إله إلا الله (مرتين)
أشهَدُ أنَّ مُحَمّداً رَسولُ الله (مرتين)
حيَّ عَلى الصّلاة (مرتين)
حيَّ عَلى الفَلاح (مرتين)
قدِ قامتِ الصّلاة (مرتين)
اللهُ أَكبرُ اللهُ أَكبر ، لا إله إلا الله

Allahu Akbar, Allahu Akbar (2x)
Ash'hadu an laa illaha illa Llah (2x)
Ash'hadu anna Muhammadan
rasulu Llah (2x)
Hayya alas Salaa (2x)
Hayya alal Falah (2x)
Qad Qaamati Salaa (2x)
Allahu Akbar, Allahu Akbar
Laa illaha illa Llah.

Ang Allah ay Dakila. (Apat na beses)

Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah (Dalawang beses)

Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah. (Dalawang beses)

Halina sa pagdarasal.
(Dalawang beses)

Halina sa kaligtasan.
(Dalawang beses)

Ang pagdarasal ay dumating na.
(Dalawang beses)

Ang Allah ay Dakila.
(Dalawang beses)

Walang ibang Diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah.

TAWJIH (PAGSISIMULA)

سُبحَانَكَ اللَّهُمَ وبِحمدِك ، تَبارَكَ اسمُكَ ، وتَعالى
جَدُّك ، وَلا إلَهَ غيرُك ، إنِّي وجَّهتُ وجهي ، لِلّذي
فَطَرَ السَّماواتِ والأرض ، حَنيفاً ومَا أنا مِن المُشرِكين

Subhanaka Llahumma wa bihamdika , Tabaaraka ismuka, Wa taala jadduka , Wala illaha ghayruka , Inni wajjahtu wajhiya Lilladhiy fatara ssamaawati wal'ardha hanifan wa ma'ana mina l'mushrikin

Ang kaluwalhatian at papuri ay tanging para sa Iyo Allah. Kabanal-banalan ang Iyong Pangalan. Nangingibabaw ang Iyong Kamaharlikaan. Walang ibang Diyos na nararapat sambahin maliban sa Iyo. Inihaharap ko ang aking mukha sa Iyo na Maylikha ng mga kalangitan at kalupaan, ang nagtatakwil sa lahat ng maling pananampalataya at nananangan ng tamang relihiyon, at katiyakang ako ay hindi kabilang sa mga hindi naniniwala.

TAHIYAT A (ANG PAGBATI)

التَّحِيَّاتُ المُبارَكاتُ للهِ والصَّلَواتُ الطَّيِّبات ، السَّلامُ عَليكَ أيُّها النَّبي وَرَحمَةُ اللهِ وبَرَكاتُه ، السَّلامُ عَلينا وَعَلى عِبادِ اللهِ الصَّالِحين ، أشهَدُ أنَ لا إلهَ إلّا الله وَأشهَدُ أنَ مُحَمَّداً عبدُهُ وَرَسولُه

Attahiyaatu lmubarakaatu wa ssalawaatu wa ttayyibaatu, Assalamu alayka ayyuha nnabiyyu wa rahmatu llahi wa barakatuh , Assalamu alayna wa alaa ibadi llahi ssaalihin , Ash'hadu an la illaha illa Llah wa ash'hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluh.

Ang banal na pagbati sa pamamagitan ng salita, kilos at pagsasagawa ng banal na tungkulin ay para sa Allah lamang; Sumaiyo nawa ang kapayapaan o Propeta. Sumaatin nawa ang kapayapaan at sa lahat ng matatapat na alipin ng Allah. Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah. At ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah.

TAHIYAT B

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلى مُحَمّد وَعلى آلِ مُحَمّد ، كَما صَلَّيتَ عَلى إبراهيمَ وعَلى آلِ إبراهيم ، وَبارِك عَلى مُحَمّد وعَلى آلِ مُحَمّد ، كَما بارَكتَ على إبراهيمَ وعَلى آلِ إبراهيمَ في العَالَمينَ إنَّكَ حميدٌ مَجيد . رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِي ٱلدُّنيَا حَسَنَةً وَفِي ٱلأَخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ.

Allahumma ssalli ala Muhammad wa alaa aali Muhammad kama salayta ala Ibrahim wa alaa aali Ibrahim wa barik alaa Muhammad wa alaa aali Muhammad kama barakta alaa Ibrahim wa alaa aali Ibrahim fil alamina innaka hamidunmajiid. Rabana aatina fiddunya hasanatan, wa filaakhirati hasanatan, wa qina adhaba nnaar

Oh Allah itampok Mo si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad, katulad ng pagtatampok mo kay Ibrahim at sa pamilya ni Ibrahim. Oh Allah pagpalain mo si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad, katulad ng pagpapala mo kay Ibrahim at sa pamilya ni Ibrahim. Ikaw ang kapuri-puri, ang Maluwalhati. Aming Panginoon! Ipagkaloob Mo sa amin ang kabutihan sa mundong ito at ang kabutihan sa Kabilang-buhay, at iligtas Mo kami sa Apoy ng Impiyerno.

SURAH AL-FATIHA

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ۞ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ ۞ مَالِكِ يَوْمِ الدِّينِ ۞ إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ۞ اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ ۞ صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ

Bismillahi Rrahmani Rrahim. Alhamdu lillahi Rabbi l'aalamin, Arrahmaani Rrahim, Maaliki yaumidiin, Iyaaka na 'abudu wa iyaka nastaiin, Ihdina ssiratal mustaqiim, Ssiraatal ladhina an'amta alaihim, Ghayri l'maghdhuubi 'alayhim wala dhaaliin

Sa ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin

(1) Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, ang Panginoon ng Sanlibutan (2) Ang Mapagpala, ang Mahabagin (3) Ang nagmamay-ari sa Araw ng Paghuhukom (4) Ikaw lamang ang aming sinasamba, at Ikaw lamang ang hinihingan namin ng tulong (5) Patnubayan Mo kami sa matuwid na landas (6) Sa landas na Iyong pinagpala at hindi sa landas na umani ng Iyong galit at mga naligaw. (7)

SURAH AN-NAS

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ ۞ مَلِكِ النَّاسِ ۞ إِلَٰهِ النَّاسِ ۞ مِن شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ ۞ الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ ۞ مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ

Bismillahi Rrahmani Rrahim qul audhu birabbi nnaas, Maliki nnaas, Ilahi nnaas, Minsharri lwaswaasi lkhannaas, Alladhi yuwaswisu fi suduuri nnaas, Mina ljinnati wa nnaas

Sa ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin

Sabihin: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan (1) Ang Hari ng sangkatauhan (2) Ang Diyos ng sangkatauhan (3) Mula sa kasamaan ng mga bumubulong (4) Na bumubulong sa mga puso ng sangkatauhan, (5) Mula sa mga Jinn at sangkatauhan.

SURAH AL-IKHLAS

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ۞ اللَّهُ الصَّمَدُ ۞ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ۞ وَلَمْ يَكُن لَّهُ كُفُوًا أَحَدٌ

Bismillahi Rrahmani Rrahim, qul huwa Llahu Ahad , Allahu Ssamad, Lam yalid walam yuulad, Walam yakun lahu kufuwan Ahad

Sa ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin

Sabihin: Siya ang Allah, ang Nag-iisa at Natatangi (1) Allah – ang Walang Hanggan, ang Ganap (2) Hindi Siya ipinanganak at hindi Siya nagkaanak (3) At Siya ay walang katulad (4)

SURAH AL-ASR

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

وَٱلْعَصْرِ ۞ إِنَّ ٱلْإِنسَـٰنَ لَفِى خُسْرٍ ۞ إِلَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّـٰلِحَـٰتِ وَتَوَاصَوْا۟ بِٱلْحَقِّ وَتَوَاصَوْا۟ بِٱلصَّبْرِ

Bismillahi Rrahmani Rrahim, Wal ‘Asr, Innal Insana lafy khusr, illal ladhina aamanu wa amilus salihaati, watawasaw bil haqqi, watawasaw bis sabr

Sa ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin

Sa (paglipas ng) panahon (1) Katotohanan, ang sangkatauhan ay nasa pagkaligaw (2) Maliban sa mga mananampalataya at gumagawa ng mabuting gawain at nagpapayuhan (sa bawat isa) ng katotohanan at nagpapayuhan ng pagtitiis. (3)

Ang mga Hadith na Nagpapakita ng mga Biyaya sa Pagdarasal

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ، قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ ـ صلى الله عليه وسلم ـ « إِذَا تَوَضَّأَ أَحَدُكُمْ فَأَحْسَنَ الْوُضُوءَ ثُمَّ أَتَى الْمَسْجِدَ لاَ يَنْهَزُهُ إِلاَّ الصَّلاَةُ لاَ يُرِيدُ إِلاَّ الصَّلاَةَ لَمْ يَخْطُ خَطْوَةً إِلاَّ رَفَعَهُ اللَّهُ بِهَا دَرَجَةً وَحَطَّ عَنْهُ بِهَا خَطِيئَةً حَتَّى يَدْخُلَ الْمَسْجِدَ فَإِذَا دَخَلَ الْمَسْجِدَ كَانَ فِي صَلاَةٍ مَا كَانَتِ الصَّلاَةُ تَحْبِسُهُ » .

Iniulat ni Abu Hurairah:

"Sinabi ng Propeta ng Allah: 'Sinuman ang gumawa ng pagpapakadalisay, at nagtungo sa mosque nang walang ibang dahilan maliban sa pag-aalay ng dasal, at walang hinahangad kundi ang makapagdasal lamang, ang bawat hakbang na kanyang gagawin ay magtataas ng antas ng kanyang katayuan, at ang kanyang mga kasalanan ay aalisin hanggang siya ay makapasok sa mosque. Kapag siya ay pumasok sa loob ng mosque, siya ay mananatili sa estado ng pagdarasal habang siya ay naghihintay sa pagsapit ng oras ng pagdarasal"

(Naiulat ni Ibn Majah)

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ، قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صلى الله عليه وسلم « أَفْضَلُ الصِّيَامِ بَعْدَ شَهْرِ رَمَضَانَ شَهْرُ اللَّهِ الْمُحَرَّمُ وَإِنَّ أَفْضَلَ الصَّلاَةِ بَعْدَ الْمَفْرُوضَةِ صَلاَةٌ مِنَ اللَّيْلِ » .

Iniulat ni Abu Hurairah:

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: 'Ang pinakamainam na pag-aayuno pagkaraan ng Ramadhan ay sa buwan ng Allah na al-Muharram, at ang pinakamainam na pagdarasal pagkaraan ng mga itinakdang pagdarasal ay ang pagdarasal kapag gabi.

(Naiulat ni Abu Dawud)

Kabanata 10 – Ang Talasalitaan

Al-Fatiha Ang unang kabanata sa Qur'an.

Adhaan Ang panawagan sa pagdarasal.

'Awrah Ang maseselang bahagi ng katawan.

Dhuhr Ang pagdarasal sa tanghali.

Fajr Ang pagdarasal bago sumapit ang bukang-liwayway.

Faridha Ang obligadong pagdarasal
(o kaya ay ang lahat ng obligadong gawain sa Islam).

Imam Ang taong namumuno sa isinasagawang sama-samang pagdarasal.

Iqamah Ang panawagan na ang sama-samang pagdarasal ay magsisimula na.

Isha Ang pagdarasal sa gabi.

Ka'abah Ang hugis-parisukat na gusali sa loob ng Masjid Al-Haraam sa Makkah. Ito ay kalimitang binabalutan ng telang kulay-itim.

Khutbah Ang sermon na ibinibigay ng Imam kapag Biyernes (o ibang okasyong katulad halimbawa ng pagdarasal sa araw ng Eid).

Maghrib Ang pagdarasal sa takip-silim.

Muadhin Isang tao na nananawagan para sa pagdarasal (Adhaan)

Najasa Maruruming bagay katulad halimbawa ng dugo, ihi at iba pa.

Niyyah Isang layunin na nasa puso at isipan lamang kapag gagawin ang isang bagay.

Qiblah Ang direksyon ng Makkah kung saan ang mga Muslim ay humaharap kapag mag-aalay ng dasal.

Raka'a Isang hakbang sa pagdarasal na kinapapalooban ng pagtayo, pagbigkas, pagyuko at dalawang beses na pagpapatirapa.

Sunnah Karagdagang pagdarasal
(o anumang gawaing inirerekomenda sa Islam).

Surah Anumang kabanata sa Qur'an.

Tahara Ang estado ng ritwal na kalinisan.

Tarawih Mga karagdagang pagdarasal na isinasagawa pagkatapos ng *Isha* tuwing sasapit ang buwan ng *Ramadhan.*

Tayammum Ang pagsasagawa ng Wudhuu na gamit ang malinis na alabok, bilang kapalit ng tubig.

Witr Ang karagdagang pagdarasal (Sunnah) na kinapapalooban ng isa o tatlong Raka'as. Ito ay ginagawa pagkatapos ng Isha.

Wudhuu Ang pagpapakadalisay, ito ay paglilinis ng ilang bahagi ng katawan na ginagawa bago mag-alay ng anumang pagdarasal.



الصلاة
باللغة الفلبينية



مركز الـــــتعريف بالإسلام
Islamic Information Center
Sultan Qaboos Grand Mosque, Muscat
Sultanate of Oman